



## ‘Di Matinag na Paghahanda



### I. ANG TATLONG PAGBASA

#### UNANG PAGBASA (Bar 5:1-9)

<sup>1</sup>JERUSALEM, hubarin mo na ang lambong ng panluluxa at isuot mo ang walang hanggang kaningningan ng Diyos. <sup>2</sup>Ibalabal mo ang kanyang katwiran at iputong mo sa iyong ulo ang korona ng kadakilaan ng Diyos na Walang Hanggan. <sup>3</sup>Itatanyag ka niya sa lahat ng dako. <sup>4</sup>Tatawagin kang “Kapayapaang bunga ng katwiran at karangalan ng pagiging maka-Diyos.”

<sup>5</sup>Jerusalem, tumindig ka at umakyat sa mataas na burol. Tingnan mo ang iyong mga anak na sa isang tawag lamang ng Diyos na Banal ay natitipon mula sa silangan hanggang

sa kanluran. **Nagagalak** sila pagka’t hindi sila kinalilimutan ng Diyos. <sup>6</sup>Bihag silang inagaw sa iyo at kinaladkad na palayo, ngunit ngayo’y ibinabalik sa iyong sakay sa kaluwalhatian na wari’y nakaupo sa maharlikang trono. <sup>7</sup>Iniutos ng Diyos na patagin ang matataas na bundok at walang hanggang burol, at tambakan ang mga lambak upang panatag na makabalik ang bayang Israel na puspos ng kadakilaan ng Diyos. <sup>8</sup>Sa utos niya’y lilitaw ang maraming mababangong punungkahoy upang liliman ang Israel. <sup>9</sup>Aakayin sila ng Diyos, at **babalik silang masaya** sa pangangalaga ng kanyang habag at katwiran, at **liligaya** sa liwanag ng kanyang walang hanggang kaningningan.

Tema: **Magalak**

## PAGPAPALIWANAG

- Si Baruc ay pinaniniwalaang kalihim (secretary) ni Jeremias (ayon sa Jer 36-45)
- Subalit ang aklat ay kilala lamang sa Griyego. (Wala pang Griyego sa Palestino sa Babilonya noong panahon ni Jeremias.) Nagustuhan iyon ng mga Hudyo sa Alexandria. Ngunit ang aklat ay mayroon lamang kaunting nalalaman ukol sa panahon at mga pangyayari, naisulat ito sa mga sumunod pang panahon (gaya ng Ester, Judith at Daniel) upang hikayatin ang mga taong inuusig.
- Ang mensahe ng teksto ay may kaugnay sa panahon ng Adbiyento.
- Ipinapakita rito kung ano dapat ang maramdaman ng bawat Kristiyano ukol sa pagdating ng Panginoon – ang nagdadala ng kaligtasan.
- Dapat magkaroon ng pagbabago ng pananaw: mula sa kalungkutan at mga sakit patungo sa kagalakan; muling pagbangon; pagtangi sa pagkalumbay.
- Sapagkat, ipinakita ng Panginoon, sa pamamagitan ni Hesus, ang iyong kagandahan. Ibabalik niya ang iyong mga anak.
- Ang pagdating ng Panginoon ay nagdadala ng pagbabago, hindi lamang sa pagbabalik sa dating kinalalagyan, sa pamamagitan ng paglatag ng isang patag na daanan bilang instrumento ng pagbalik bagkus patungo din sa karangalan at kaluwalhatian.

## PAGNINILAY

Ang panahon ng Adbiyento ay isang paghahanda ng kagalakan na nakatuon sa pagdating ng Panginoon at sa kaligtasang hatid Niya para sa sangkatauhan. Si Hesus ang muling magbabalik ng dating relasyon ng

tao sa Diyos. Kung kaya, dapat magdiwang at magalak sa regalong hatid ni Hesus.

## SALMONG TUGUNAN (Slm 125)

### GAWA NG D'YOS AY DAKILA KAYA TAYO'Y NATUTUWA.

## IKALAWANG PAGBASA (Fil 1:4-6, 8-11)

<sup>4</sup>Ang aking mga panalangin para sa inyo ay laging puspos ng kagalakan <sup>5</sup>dahil sa inyong tulong sa pagpapalaganap ng Mabuting Balita tungkol kay Kristo, mula nang ito'y inyong tanggapin hanggang sa kasalukuyan. <sup>6</sup>Tinitiyak ko sa inyong ang mabuting gawa na pinasimulan sa inyo ng Diyos ay kanyang lulubusin hanggang sa Araw ng pagbabalik ni Kristo Hesus. <sup>8</sup>Nalalaman ng Diyos na ang pananabik ko sa inyo ay kasinlaki ng pagmamahal sa inyo ni Kristo Hesus.

<sup>9</sup>Idinadalangin ko sa Diyos na **mag-ibayo ang inyong pag-ibig** at masangkapan ng malinaw na pagkakilala at malawak na pagka-unawa <sup>10</sup>upang mapili ninyo ang pinakamahalaga sa lahat ng bagay. Sa gayun, pagdating ng Araw ng pagbalik ni Kristo, matagpuan kayong malinis, walang kapintasan, <sup>11</sup>at puspos ng magagandang katangiang kaloob sa inyo ni Hesu-Kristo sa karangalan at kapurihan ng Diyos.

Tema: **Mag-ibayo ang Pag-ibig**

## PAGPAPALIWANAG

- Ang teksto ay isinulat ni Pablo noong siya ay nabilanggo.
- Ipinapahiwatig sa bb. 4-6 ang dalangin ni Pablo para sa kanyang mga kapanalig na mga taga-Filipos. Ninanais niya na ipagpatuloy nila ang kanilang mga Gawain at misyon. Sila ay laging kasama ni Pablo sa kanyang mga misyon magmula pa noong una. Si Pablo ay nananalangin ng may

kagalakan.

- Sinasabi sa b. 8 na saksi niya ang Diyos sa kanyang nararamdaman para sa kanila (hindi siya nagkukunwari)
- Sinasabi naman sa b. 9 ang nilalaman ng kanyang panalangin: na pag-ibayuhin pa ang kanilang pag-ibig tungo sa mas malawak at mas malalim na pagkaunawa (*Discernment*)
- Sa b. 10, sinabi ni Pablo na maari mong intindihin ang kung ano lamang ang mahalaga (hindi sa kung ano ang walang halaga). Dahilan: upang sa araw ng pagdating ng Panginoon, ikaw ay walang kapintasan sa halip ay puno ng kabutihan (b. 11).

## PAGNINILAY

Hinihikayat ni Pablo na ipagpatuloy pa ng mga taga-Filipos ang kanilang misyong ipalaganap ang pag-ibig ng Panginoon tulad noon hanggang sa katapusan.

Tulad ng mga taga-Filipos, tayo rin ay tinatawagan upang magkaroon ng lakas ng loob na ipalaganap nang walang pag-aalinlangan ang kabutihang ipinadama ng Diyos sa atin sa pamamagitan ni Hesus.

## MABUTING BALITA (Lc 3:1-6)

<sup>1</sup>IKALABINLIMANG taon noon ng paghahari ni Emperador Tiberio. Si Poncio Pilato ang gobernador sa Judea, si Herodes ang tetrarka sa Galilea at ang kapatid naman niyang si Felipe, sa lupain ng Iturea at Traconite. Si Lisaniyas ang tetrarka sa Abilinia. <sup>2</sup>Sina Anas at Caifas naman ang mga pinakapunong saserdote noon. Nang panahong iyon, nasa ilang si Juan na anak ni Zacarias. Dumating sa kanya ang salita ng Diyos, <sup>3</sup>kaya't nilibot niya ang mga lupain sa magkabilang panig ng Jordan at nangaral. “**Pagsisihan ninyo’t talikdan ang inyong mga kasalanan at pabinyag kayo**

upang kayo’y patawarin ng Diyos,” wika niya. <sup>4</sup>Sa gayo’y natupad ang nasusulat sa aklat ni propeta Isaias:

“Ito ang sabi ng isang sumisigaw sa ilang: ‘Thanda ninyo ang daraanan ng Panginoon, tuwirin ninyo ang kanyang mga landas! <sup>5</sup>Tatambakan ang bawat lambak, at titibagin ang bawat burol at bundok. Tutuwirin ang daang liku-liku, at papatagin ang daang baku-bako. <sup>6</sup>At makikita ng lahat ng tao ang pagliligtas na gagawin ng Diyos!’”

Tema: **Pagsisisi**

## PAGPAPALIWANAG

- Sinimulan ni Lucas ang kanyang kwento sa pamamagitan ng pagsasalaysay ng pampulitikal at panrelihiyon na kasaysayan nito. Kanyang ipinakita ang kalagayan nang panahong iyon.
- Inilalagay niya ang misyon ni Juan Bautista bilang isang instrumento sa pagsalungat sa mga pinunong pampulitikal at panrelihiyon noong mga panahong iyon (bb. 1-2). Binanggit niya isa-isa ang mga pangalan ng mga ito.
- Ang layunin ng misyon ni Juan Bautista ay pangangaral tungkol sa pagbabalik-loob.
- Bakit tungkol sa pagbabalik-loob? Para ikapagpatawad ng mga kasalanan (b. 3).
- Ang lugar ng kanyang pangangaral ay sa may kahabaan ng ilog Jordan (hindi sa mga lungsod kundi sa mga ilang na lugar).
- Ipinapahiwatig sa b. 4 na ang pangangaral ni Juan Bautista ay isang katuparan ng propesiya ni propeta Isaias (b. 4).
- Malaki ang pagkakatulad ng mga propesiya sa Unang Pagbasa, kahit na kung titignan natin sa kasaysayan ay nauna si propeta Isaias kay sa kay Baruc.
- Ang pangunahing layunin ng propesiya ay ang pagpapahiwatig ng pagdating ng

Panginoon.

- Ang Panginoong tinutukoy ay walang iba kundi si Hesus, ang nagdadala ng ating kaligtasan (b. 6).
- Ang kaligtasan na ito ay para sa buong sansinukob.

## PAGNINILAY

Si Juan Bautista ay ang itinakda upang ipahayag ang pagdating ng Mesiyas. Kanyang inihahanda ang mga tao upang mas maging madali ang pagpasok ni Hesus sa buhay ng bawat isa, kanya itong isinakatuparan sa pamamagitan ng pagbibinyag sa mga taong nakikinig sa kanya.

Ang muling pagbibinyag sa buhay espiritwal ay isang tanda ng pagbabago, pagsisisi at pagba balik-loob.

## II. PAG-UUGNAY

Inaanyayahan ng Unang Pagbasa ang bawat Kristiyano na magalak at huwag malumbay. Hindi dapat bigyan ng puwang ang kalungkutan sapagkat nalalapit na ang pagdating ng Panginoon. Sa Ikalawang Pagbasa naman, tinatawag ang bawat Kristiyano na pag-alabin pa ang pag-ibig, ipagpatuloy ang kanilang misyon at maging maunawain. At sa Mabuting Balita, na pagsisihan ang kasalanan at magbalik-loob sa Panginoon.

## III. SALAMIN NG BUHAY

1. Saan maaaring bumisita: sa kulungan

**Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maari pong magdonate ng *legal size* na *bond paper* sa:**

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**  
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City  
Tels: 895-37-16; 890-7130


at ospital (marami ng oras at pera nasayang natin sa malls).

2. Ano ba ang mga ginagawa mong sakripisyo upang magkaroon ng diwa ang Pasko para sa iba?

3. Naghahanda ka ba ng mga regalong maka-pinoy? (HM)

**- Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM**  
-Isinalin ni Cl. Ian Gabriel Ceblano

(Pangwakas na Panalangin)



## PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.  
*Luwalhati...* (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)